Broad Alliance by eX Seminarians
"Regimen Bonum"

broadalliance.xseminarians@gmail.com
+63 2 8961 1788

# Panalo na si Leni!

Deklarasyon ng BROAD ALLIANCE BY X-SEMINARIANS (BAX)

Kami ang "Broad Alliance by Ex-Seminarians" na nasa iba't ibang sektor: sa akademiya, sa gobyerno sa civil society at sa pribadong sektor, ay walang pag-a-agam-agam at pag-aalinlangan na tahasang inihahayag: **na si Leni ang panalo sa pagka-pangulo sa Halalan 2022 sa Mayo**, at hindi maipagkakaila, mababago, o mapipigilan ng kahit ano pang bayarang survey kasama ng sandamakmak na trolls ang kanyang tuloy-tuloy na pag-angat at pangunguna sa puso at kamalayan ng higit na nakararaming Pilipino!

Kitang-kita sa kanyang mga rally kahit saan siya pumunta na dinudumog siya ng mga tao at dumadagundong ang kanilang sigaw na **"Leni! Leni! Leni!"** Karamihan ay mga nasa laylayan na kusang-loob na dumadalo at hindi hakot at hindi binayaran bagkus sila pa ang nag-a-ambag-ambag sa mga gagamiting t-shirt na kulay rosas, mga sombrero, mga gagamiting tarpaulin, sa mga pagkain at inumin, at mga sasakyan. At kung kinakailangang lumakad ng milya-milya upang makarating ay gagawin para ipakita ang pagkakaisa sa mithiin ng bawat Pilipino para sa *gobyernong tapat angat buhay lahat*!

Iba't ibang mga himig, tinig, tula para kay Leni ang nagawa na ng iba't ibang kompositor, mang-aawit at makata, at sa bawat bayan ay may mga "mural" ni Leni at ni Kiko sa mga pader na pinagtulung-tulungang iguhit ng mga kabataang volunteer, na kung minsan ay sinisira ng mga kalaban ang mga mural na ito sa kanilang pagka-desperado dahil sa tuloy-tuloy na pag-angat ni Leni. Hindi patitinag sa anumang paninira ang patuloy na dumaraming sumusuporta kay Leni na kesyo binayaran daw, hinakot, o may mga kasama pang mga NPA, dahil nababatid nilang desperado na ang mga kalaban kaya't lahat ng paraan ay gagawin upang hilahin pababa si Leni, ngunit balewala sa dagsa-dagsang sumusuporta kay Leni ang mga pananabutaheng ito dahil nakakita na ng liwanag sa dilim ang mga mamamayang naghahanap ng pag-asa.

**Panalo na po si Leni!** Sa kabila ng pilit na pagpapabagsak sa kanya ng mga kinagawiang survey, patuloy ang kanyang pagtaas sa social media, halimbawa sa Facebook Analytics nitong nakaraan ay nakakuha siya ng 97%. Sa Google Trend Report noong unang Linggo ng Marso siya ang nakakuha ng pinakamataas na grado. Sa mga survey ng mga iba't ibang unibersidad si Leni ang nangunguna. Sa isinagawang survey ng *Catholic Educational Association of the Philippines* (CEAP), si Leni ang malinaw na nais ng maraming mga guro at mag-aaral. Isa-isa na ring nag-i-endorso ang mga lokal na pulitiko kay Leni dahil nakikita nila na siya talaga ang may tibay at husay, katapatan at kahandaan, upang pamunuan ang Pilipinas sa kalunus-lunos na kalagayan ng ekonomiya ng bansa, maging ang mga pulitikong kaalyado ni Pangulong Duterte ay nag-i-endorso kay Leni. At maraming mga batikang ekonomista ay matapang na nagpahayag nang pagsuporta kay Leni, pati na rin ang malalaking negosyo sa bansa. Maging mga dayuhang investor ay si Leni ang napupusuan ayon sa isinagawang survey ng Bloomberg.

Dumarami pa ang nagpapahayag ng kanilang suporta kay Leni Robredo tulad ng mga unibersidad, mga propesor at libu-libong mga guro, mga iba't ibang malalaking grupo at mga alyansa, mga kooperatiba, mga grupo ng mga magsasaka at mangingisda katulad ng mga

magsasaka ng Sumilao sa Bukidnon na si Leni ang isa sa mga naging abogado nila sa kanilang usaping pang-agraryo noon, mga health workers at health frontliners dahil sa dagliang pag-asikaso sa kanila ni Leni sa umpisa pa lamang ng pandemya, mga manggagawa sa larangan ng transportasyon at maging sa mga tricycle drivers, mga PWDs, mga maliliit na mangangalakal at mangangariton, at mga grupo ng Overseas Filipino Workers (OFW).

Nagpahayag din nang pagsuporta ang makabuluhang bilang ng mga dating opisyal ng pamunuan nina dating Pangulong Fidel Ramos, Gloria Macapagal Arroyo, Benigno Aquino III; mga dating heneral at mga opisyal ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas; mga iba't ibang kongregasyon ng mga pari at madreng Katoliko; mga iba't ibang Diyosesis at ang Sangguniang Layko ng Pilipinas; mga pangunahing grupo ng mga simbahang Protestante; pati na maraming Muslim hindi lamang sa Bangsamoro kungdi sa iba't ibang lugar sa Pilipinas.

Ang mga dating pangulo ng Philippine Bar Association at mga grupo ng mga abogado ay nagpahayag na rin nang pagsuporta kay Leni; pati mga dating mahistrado ng Korte Suprema; mga iba't ibang grupong propesyunal; mga iba't ibang grupong manggagawa at samahan ng mga maralitang taga-lungsod; at marami pang ibang mga grupo na lumantad na at nagpahayag ng suporta kay Leni Robredo tulad ng mga iba't ibang grupo ng mga katutubo sa buong bansa, mga samahan ng mga kababaihan at kabataan, mga LGBTQ, mga seniors, at maraming sikat na mga artista at mga national artists, pati na iba't ibang partidong pampulitika.

Dahil sa hindi maikakailang patuloy na pagdami ng mga nagpapahayag nang pagsuporta kay Leni ay malinaw pa sa sikat ng araw na siya ang "people's choice" o pinipili ng taumbayan. At sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanilang suporta kay Leni, ay idinedeklara na ng di hamak na nakararaming mamamayan na si Leni Robredo ang susunod na Pangulo ng Republika ng Pilipinas. Kaya't igalang ang pasya ng taumbayan sa sagradong paghalal kay Leni sa Mayo 2022.

**Mabuhay si Leni Robredo, ang ika-17 Pangulo ng Pilipinas!**